

Aklatang Mapagkukunanan Tungkol



FAQ sa Paglipol sa Parasito

Tandaan: Ang lahat ng link sa dokumentong ito ay pupunta sa impormasyon na nakasulat sa Ingles.

1. Bakit kailangan ang paglipol sa parasito?

Ang lahat ng nabubuhay na organismo, kabilang ang isda, ay maaaring magkaroon ng mga parasito. Ang mga parasito ay natural na lumilitaw, hindi kontaminasyon. Sila ay karaniwan sa isda tulad ng mga insekto na nasa mga prutas at gulay. Ang mga parasito ay namamatay sa panahon ng prosesong pagluluto at samakatwid ay walang suliraning pangkalusugan sa lubos na nilutong isda.

Ang mga parasito ay nagiging suliranin kapag ang mamimili ay bumili ng hilaw, hindi gaanong luto o bahagyang prineserbang isda tulad ng sashimi, sushi o ceviche. Ang pagyeyelo na kinakailangan alinsunod sa mga alituntunin ng 2010, ay pumapatay sa anumang mga parasito na maaaring taglay nito.

2. Saan naaangkop ang paglipol ng mga parasito sa hilaw at hindi gaanong luto na isda?

Ang paglipol ng parasito ay naaangkop sa lahat ng hilaw o hindi lutong isda maliban sa mga nalista sa alituntunin 3-402.11B (tingnan sa ibaba). Ipinaliliwanag ng alituntunin 2010 na ang isda ay,

“(A) Ang isdang may palikpik tabang o dagat, crustacean at iba pang anyo ng mga nabubuhay sa tubig, higit pa kaysa sa mga ibon o mamal, at kabilang ngunit hindi limitado sa buwaya, palaka, nabubuhay sa tubig na pagong, dikya, sea cucumber, sea urchin, at itlog ng mga nasabing hayop, at mga molusko, kung ang nasabing buhay ng hayop ay para sa pagkain ng tao. (B) Kabilang sa isda sa produktong nakakain ng tao na nagmula sa buo o bahagi mula sa isda, kabilang ang isda na prinoseso sa anumang paraan.” (1-202)

Ang isda na hindi kinakailangan ang paglipol ng parasito (3-402.11B) kabilang ang:

- Molluscan shellstock (1-202).
- Mga klase ng tuna *Thunnus alalunga*, *Thunnus albacares* (Yellowfin tuna), *Thunnus altanticus*, *Thunnus maccoyii* (Bluefin tuna, Southern), *Thunnus obesus* (Bigeye tuna) o *Thunnus thynnus* (Bluefin tuna, Northern).
- Ang isdang pinalaki sa farm na pinakain ng fomulated feed (i.e. mga pellet); ay nangangailangan ng dokumentasyon.

Ang waiver ay kinakailangan upang hindi makasama mula sa paglipol ng parasito ng hilaw o hindi gaanong luto na isda na walang panganib para sa mga parasito. Bisitahin ang webpage ng mga Kahilingan sa Waver para sa higit na impormasyon.

Distributong Pangkalusugan sa Timog Nevada, Sangay ng Pangkalusugang
Pangkapaligiran P.O. Box 3902, Las Vegas, NV 89127 • (702) 759-1110
www.SouthernNevadaHealthDistrict.org/ferl

Aklatang Mapagkukunanan Tungkol



3. **Ano ang mga kinakailangan para sa paglipol ng parasito?**

Maliban sa isda na nakalista sa alituntunin 3-402.11B, ang isdang inihahain na hilaw o bahagyang niluto ay dapat sumailalim sa paglipol ng parasito sa pamamagitan ng pagyeyelo. May tatlong katanggap-tanggap na oras/ pamamaraan sa temperatura upang gawin ang paglipol ng parasito (3-402.11A). Ang lahat ng mga pamamaraan na kinakailangan sa dokumentasyon o tala ay itatatago sa site (tingnan ang tanong 4) at magagamit para sa pagsusuri sa oras ng inspeksyon sa kainan (3-402.12A).

Ang tatlong katanggap-tanggap na oras/ mga pamamaraan sa temperatura ay:

1. Dapat pagyelohin ang isda ng buo at itago sa temperatura na $-4^{\circ}\text{F}\pm 2^{\circ}$ o mas mababa para sa pinakamababa na 168 oras (7 araw) sa freezer.
2. Dapat pagyelohin ang isda sa $-31^{\circ}\text{F}\pm 2^{\circ}$ o mas mababa hanggang maging matigas at itago sa $-31^{\circ}\text{F}\pm 2^{\circ}$ o mas mababa para sa pinakamababa na 15 oras.
3. Dapat pagyelohin ang isda sa $-31^{\circ}\text{F}\pm 2^{\circ}$ o mas mababa hanggang maging matigas at itago sa $-4^{\circ}\text{F}\pm 2^{\circ}$ o mas mababa para sa pinakamababa na 24 oras.

4. **Anong mga rekord ang dapat kong itago?**

Ang isda na ginagamot para sa mga parasito (pinagyeyelo) ng kainan: Ang mga tala ng pagdodokumento sa temperatura ng pagyeyelo at oras na kinakailangan ng isda ay dapat panatilihin sa kainan ng 90 araw lampas sa oras ng serbisyo o pagbebenta alinsunod sa 3-402.12A. Ang tatlong beses na log sa oras/temperatura para sa paglipol ng parasito na isinagawa sa loob ng bahay ay available para i-download.

Isda na ginamot para sa parasito (pinagyelo) ng tagapagtustos: Ang nakasulat na kasunduan o pahayag mula sa tagapagtustos na ang isda ay matigas na pinagyelo sa oras/temperatura na tinukoy sa 3-402.11 na maaaring ihalili para sa tala na tinukoy ng 3-402.12A ayon sa 3-402.12B.

Isda na pinalaki sa isdang sakahan (hindi ginamot para sa mga parasito): Ang pahayag mula sa tagapagtustos na ang isda ay pinalaki at pinakain tulad ng tinukoy sa 3-402.11 (B) (3) ay dapat panatilihin sa kainan ng 90 araw sa kalendaryo lampas sa oras ng serbisyo o pagbebenta ng isda ayon sa 3-402.12C.

5. **Saan ako makakukuha ng impormasyon?**

Ang dokumento ng FDA na "Gabay sa Pagkontrol at Panganib sa Mga Produktong Isda" ay naglalaman ng detalyadong impormasyon tungkol sa paglipol ng parasito sa kabanata 5.

Ang dokumento ng FDA na "Gabay sa Pagkontrol at Panganib sa Mga Produktong Isda" ay naglalaman ng mga talahanayan ng uri ng isda (may gulugod at walang gulugod) at ang kanilang kasamang panganib sa kabanata 3.

Kung mayroon kang mga katanungan, makipag-ugnayan inspektor ng iyong kainain.

Distritong Pangkalusugan sa Timog Nevada, Sangay ng Pangkalusugang
Pangkapoligiran P.O. Box 3902, Las Vegas, NV 89127 • (702) 759-1110
www.SouthernNevadaHealthDistrict.org/ferl